


# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Balagtas



**Filipino – Ikawalong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 2: Balagtasan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat</b>	: Lolito E. Deloso Jr.
<b>Editor</b>	: Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera
<b>Tagasuri</b>	: Jessie C. Torreon, Noviemar T. Maur, Ma. Liza S. Pellazar, Japhet K. Salar, Christy Joyce E. Anino
<b>Tagalapat</b>	: Lolito E. Deloso Jr. , May D. Olavides
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obsenares, Gilda G. Berte, Antonieta O. Narra, Feldrid P. Suan, Jessie C. Torreon, Dores P. Claro at Victoria B. Pabia

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education - Rehiyon ng Caraga**

**Office Address:** Learning Resource Management Section (LRMS)  
Teacher Development Center  
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines, 8600

**Telefax:** (085)342-8207 / (085)342-5969

**E-mail Address:** caraga@deped.gov.ph

# **Filipino**

## **Ikalawang Markahan – Modyul 2: Balagtasan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




## Alamin

### Tungkol saan ang modyul na ito?

Ang modyul na ito tungkol sa Balagtasang ay may maramihang gamit. Una, matututuhan mo ang mga kakayahang nasasalamin sa mga kasanayang nabanggit sa ibaba. Pangalawa, mas mapalalawak at mapalalakas ang mga kaalaman na iyong natuklasan sa naunang baitang. Panghuli, matutulungan kang mas mapahalagahan ang kulturang Pilipino at mahalín ng mas higit pa ang iyong pagka-Pilipino.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw bilang mag-aaral ay inaasahang:

1. Nabubuo ang mga makabuluhang tanong batay sa napakinggang palitan ng katuwiran.
2. Naibibigay ang opinyon at katuwiran tungkol sa paksa ng balagtasang.



## Subukin

**A. Panuto:** Basahin ang palitan ng katwiran ng dalawang makata at pagkatapos sagutin ang mga sumusunod na tanong.

*Ben: Pahirap lang ang facemask sa tao  
Bukod sa mahirap huminga gamit ito  
Mahal pa ang benta ng ibang tindero  
Ubos na lahat pati pera ko*

*Gwen: ‘Dyan ka nagkakamali aking kaibigan  
Sapagkat ang facemask, dulot ay kaligtasan  
Pinoprotektahan ka nito laban sa Covid19  
Nang hindi ka mahawa o makahawa sa amin*

*Ben: Hindi ako takot sa Covid19 na ‘yan  
Sapagkat malusog ang aking pangangatawan  
Hindi ako natatablan ng lagnat at kung ano paman  
Parang bakal ang katawan ko’t kalamnan*

*Gwen: Ipagpalagay nating malusog ka nga  
Ngunit hindi natin alam baka asymptomatic ka  
Makahawa ka pa sa iba  
Mag-isip ka*

*Lakandiwa: Atin munang putulin ang init ng palitan natin  
Matapos marinig ang pangangatwiran nila't daing  
Kayong madla ang magpasya  
Kung sino ang tama't kaayaaya*

- \_\_\_\_\_ 1. Ano kaya ang paksa na pinagtatalunan nina Ben at Gwen?  
A. Corana Virus  
B. Covid19  
C. Facemask  
D. Pera
- \_\_\_\_\_ 2. Ano ang ibig sabihin ng asymptomatic?  
A. May virus ngunit walang symptoms  
B. May virus at may symptoms  
C. Walang sakit  
D. Walang virus
- \_\_\_\_\_ 3. Anong uri ng panitikan ang palitan ng katwiran na nasa taas?  
A. Balagtasan  
B. Tula  
C. Malayang taludturan  
D. Bugtong
- \_\_\_\_\_ 4. Saan hinango ang salitang Balagtasan?  
A. Mula sa pangalang Francisco  
B. Mula sa Akdang "Florante at Laura"  
C. Mula sa apelyido ni Francisco Balagtas  
D. Mula sa unang pangalan ng ama ni Francisco Balagtas
- \_\_\_\_\_ 5. Sino ang pumapagitna sa dalawang nagtatalong katunggali?  
A. Lakandiwa  
B. Makata  
C. Ben  
D. Gwen

**B. Panuto:** Magbigay ng sarili mong katwiran tungkol sa paksang pinagtalunan sa  
Gawain A. Isulat sa isang saknong na may apat na taludtud.

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## Aralin

# 1

## Balagtasán



### **Balikan**

**Panuto:** Alamin ang pangunahin at pantulong na kaisipan. Ibigay ang hinihingi ng bawat kahon sa ibaba gamit ang talatang ibinigay.

*Labanan natin ang Covid-19. Mag-facemask lalo na't nasa labas. Maghugas ng kamay palagi at gumamit ng alcohol kung maari. Higit sa lahat huwag lumabas ng bahay kung hindi kinakailangan.*

Pangunahing kaisipan

Pantulong na kaisipan #1

Pantulong na kaisipan #2

Pantulong na kaisipan #3

*Dahil nasagot mong tama ang gawaing ito. Sigurado akong mas madali na sa iyo ang kasunod na aralin dahil magagamit mo ang iyong natutuhan tungkol sa pangunahin at pantulong na kaisipan dito. Halika at tuklasin mo kung ano ito.*



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin ang pyesa at sagutin ang mga tanong na nasa ibaba.

*Ren: Lahat ng bagay sa mundo ay dahil sa talino ng tao  
Lahat ng nakikita ng mata mo ay pinag-isipan ng husto  
Talino ang natatanging puno't dulo  
Kaya't dapat iyong mapagtanto tayo ay dapat may talino*

*Dona: Hindi naman masama maging matalino  
Ang mahirap kung ito'y nakapagpapatamad sa tao  
Kasipagan ang solusyon  
Hindi lang dapat sa talino nakatuon*

*Lakandiwa: Atin munang puputulin  
Ang balitaktakan ng mga makata natin  
Sambit nila'y inyong pasyahan  
Kung talino ba o sipag ang dahilan.*

- \_\_\_\_\_ 1. Ano ang paksa na kanilang pinagtalunan?  
A. Sipag at talino  
B. Katamaran ng tao  
C. Solusyon sa kahirapan  
D. Bagay sa mundo
- \_\_\_\_\_ 2. Ano ang panig ni Ren?  
A. Sipag  
B. Sipag at Talino  
C. Talino  
D. Walang pinapanigan
- \_\_\_\_\_ 3. Ano ang panig ni Dea?  
A. Sipag  
B. Sipag at Talino  
C. Talino  
D. Walang pinapanigan
- \_\_\_\_\_ 4. Ano ang tinutukoy ni Ren na puno't dulo ng bagay sa mundo?  
A. Sipag  
B. Sipag at Talino  
C. Talino  
D. Katamaran
- \_\_\_\_\_ 5. Sa iyong palagay ay sino ang tama? Bakit?  
A. Ren  
B. Ren at Dea  
C. Dea  
D. Wala sa dalawa



## Talasalitaan

**Panuto:** Pagdugtungin ang mga salita na magkasingkahulugan sa Hanay A at Hanay B gamit ang linya.

Hanay A	Hanay B
1. balitaktakan	1. nalaman
2. puno't dulo	2. manunula
3. makata	3. debate
4. nakatuon	4. simula at huli
5. mapagtanto	5. nakapokus

*Natutukoy mo ba kung anong anyo ng pantikan ang iyong binasa? Tama, ito ay isang Balagtasan. Kung ganoon, mas palalimin pa natin ang iyong kaalaman tungkol dito. Halika't basahin ang kasunod na talakayan.*



## Suriiin

### BALAGTASAN

Ang salitang “balagtasan” ay nagmula sa orihinal na apelyido ni Francisco ‘Balagtas’ Baltazar. Nabuo ito mula sa pagpupugay at pagdiriwang ng anibersaryo ng kapanganakan ng may-akda ng *Florante at Laura* na si Francisco Baltazar. Ang mga Ilokano ay may *Bukanegan* na hango sa apelyido ni *Pedro Bukaneg* na kilalang makata ng Iloko. Ang mga Kapampangan naman ay may *Crissotan*, na hango sa apelyido ni Juan Crisostomo Soto na makata ng Kapampangan. Ang *Bukanegan* at *Crissotan* ay patunay ng pagkilala sa kadakilaan ng mga makata sa magkaibang rehiyon ngunit kapwa pananda o patunay ng pagdakila sa Ama ng Makatang Tagalog na si Francisco Balagtas na nauna at sandigan ng salitang balagtasan.

Naganap ang unang balagtasan noong Abril 6, 1924. Ibinatay nila ang anyo nito sa mga naunang uri ng patulang pagtatalo tulad ng Karagatan, *Huwego de prenda*, at Duplo. Ang mga kasali ay nagpapatalinuhan nang paghabi at pagpapahayag ng mga patulang pangangatwiran. Nagbibigay ito ng aliw sa pamamagitan ng katatawanan, simpleng pag-aasaran, pambihirang talas ng isip, at dramatikong paglalahad.

### Mga Elemento ng Balagtasan

(Mula sa “Balagtasan *Book One*” na tinipon at isinaayos ni C.S. Canonigo)

#### 1. Mga Tauhan

Ang balagtasan ay binubuo ng isang lakandiwa o lakambini na namamagitan sa dalawang mambibigkas na pagtatalunan ang isang paksa.

Bukod sa **lakandiwa** at **dalawang mambibigkas**, ang paksang pagtatalunan ay napakahalaga sa pagatanghal ng balagtasán. Napapanahon at mahalagang paksa lamang ang dapat talakayin sa balagtasán.

Ang **lakandiwa** ang nagsisilbing tagapamagitan sa dalawang magtatalo. Siya rin (1) ang unang magsasalita at babati sa tagapakinig at tagapanood, (2) ang pormal na magbubukas ng balagtasán, (3) ang magpapakilala sa dalawang magtatalo, (4) ang magbibigay ng desisyon kung sino sa dalawang nagtalo ang nagwagi, at (5) ang magpipinid ng balagtasán.

Samantalang ang **dalawang nagtatalo** ay kailangang magharap ng mga ebidensiya at magpapaliwanag nang buong husay upang makumbinsi nila ang lakandiwa na sa kanila pumanig. Hindi rin maisasantabi ang **manonood** bilang ikatlong elemento ng balagtasán.

## 2. Pinagkaugalian

- A. May Sukat - ang sukat ay tumutukoy sa bilang ng pantig sa bawat taludtod.
- B. Tugma - ang tawag sa pagkakapareho ng tunog ng dulo ng mga taludod sa panulaan.
  - a. Tugmang ganap - na nangangahulugang matapos ang mga taludod sa patinig o sa impit na tunog.
  - b. Tugmang di-ganap - ay nangangahulugang ang mga taludtod ng tula ay nagtatapos sa katinig
- C. Indayog - tinatawag ding aliw-iw ang indayog. Ito ay tumutukoy sa tono kung paano binibigkas ang mga taludturan ang pagtaas at pagbaba ng bigkas ng mga patinig ng salita sa isang taludtod

## 3. Paksang Pagtatalunan

Ito ay bagay na pinag-uusapan o tatalakayin upang ganap na maipaliwanag at maunawaan ang konteksto nito. Pumapasok ang isyu ng pinagtatalunan na nangangailangan ng malawak na kaalaman sa paksa upang maliwang na maibigay ang sariling panig at kaalaman ukol dito.

TEMA ng mga sumusunod na PAKSA

- 1. Politika - tunggalian ng mga lapian sa kapangyarihan at pangangasiwa ng pamahalaan.
- 2. Pag-ibig - makapangyarihan at dakilang damdaming nag-uugnay sa isa't isa.

3. Karaniwang Bagay- mga bagay sa paligid na maituturing na mahalaga.
4. Kalikasan - lahat ng bagay na nasa loob ng daigdig na hindi ginawa ng tao.
5. Lipunan - pangkat ng mga taong nabibilang sa iba't ibang uri dahil sa kanilang kalagayan sa buhay at sa kanilang pamantayang pangkabuhayan.
6. Kagandahang-asal - kagandahan ng pag-uugali.

#### **4. Mensahe o Mahalagang Kaisipan**

- ito ay tawag sa ideya at damdaming nais iparating ng kabuoan ng ano mang sasabihin, teksto o akda tulad ng balagtas.
- Binubuo ito ng simbolo na binibigyang kahulugan at isinatitik para maunawaan ang mensahe.


#### **Paano Magtanong ng mga Bagay na Mahalaga**

Ang magagandang tanong ay nauuwi sa mabuting pagkatuto, at buti na lang, ang magandang pagtatanong ay isang bagay na mapag-aaralan, mapapraktis, at matututuhan ninyong gawing mabuti. Narito ang paraan.

Magtanong ng mga Bagay na Mahalaga

Ang mahahalagang tanong ay yaong nagpapaisip at umaantig sa inyo, mga tanong na aakay sa inyo sa katotohanan, patotoo, at pagbabago. Maaari itong kapalooban ng maraming paksa, pero karaniwan ay kakaunti ang pagkakatulad ng mga ito: (1) hindi ito mababaw o batay lang sa katotohanan (bagama't maaari itong itanong kasunod ng mga tanong na batay sa katotohanan), (2) may ilang kaugnayan ito sa ating pang-araw-araw na buhay, at (3) hinihikayat tayo nitong magbigay ng sagot na talagang pinag-isipan.

*Naunawaan mo ba ang talakayan? Sige nga, subukan mong sagutan ang mga kasunod na gawain.*



### ***Pagyamanin***

**Panuto:** Basahin ang palitan ng katwiran ng dalawang makata at pagkatapos ay bumuo ng sariling makabuluhang tanong tungkol dito.

*Rica: Ang kagandahan ang higit na mahalaga sa mundo  
Aanhin mo ang talino kung wala ka naman nito  
Kagandahan ang tinutukoy ko  
Sapagkat dahil dito nakukuha ko ang aking gusto*

*Nikki: Sadyang ang kitid ng utak mo  
Wala kang mararating kung ganda lang ang panlaban mo  
Lahat alam yata ito  
Sa lahat ng bagay, gamit ay talino*

A. Mga tanong:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

B. Magbigay ng sariling opinion at katwiran tungkol sa paksang pinagtalunan.

---

---

---

---

*Naging tama ba ang sagot mo? Tingnan ang wastong sagot sa susi ng pagwawasto upang malaman kung napunan mo ba ng tamang kasagutan ang dayagram. Ang susunod pang Gawain ay makatutulong sa iyo upang mas maintindihan ang araling ito. Halika at subukan mo...*



## **Isaisip**

**Panuto:** Dugtungan ang mga sumusunod na pahayag upang mabuo ang inaasam na karunungan.

1. Ang pinakagusto kong gawain sa modyul na ito ay... \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Mahalaga sa akin ang aking natutuhan dahil... \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Gagamitin ko ang aking natutuhan para sa... \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. Pauunlarin ko ang aking natutuhan dahil... \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## Isagawa

**Panuto:** Bumuo ng mga tanong na maaring pagtalunan sa isang Balagtasán mula sa sumusunod na paksa.

Halimbawa: Paggamit ng *cell phone* sa paaralan.

Tanong: Tama bang ipagbawal ang pagdadala ng cell phone sa paaralan?

1. Mga kinahuhumalingang video games ng mga kabataang mag-aaral.

Tanong: \_\_\_\_\_

2. Pagbibigay ng mga guro ng takdang-aralin kung Sabado at Linggo.

Tanong: \_\_\_\_\_

3. Pagpapatawag ng paaralan sa mga magulang kapag hindi pumasa sa isang asignatura ang mag-aaral.

Tanong: \_\_\_\_\_

4. Pagpapatupad ng online class ng DepEd.

Tanong: \_\_\_\_\_

5. Paggamit ng mga gadget ng new normal na mag-aaral.

Tanong: \_\_\_\_\_



## Tayahin

**Panuto:** Basahin ang palitan ng dalawang makata at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

*Nik: Mas marami kang matututuhan  
Kung modular ang iyong piniling paraan  
Lahat ng gusto mong malaman  
Ay mababasa mo na sa module na binigay ni Ma'am*

*Hindi kana gagastos ng pera  
Di katulad ng online class mo  
Papaload kapa, gastos talaga  
Sa modular, wala ka nang poproblemahin pa*

*Ken: Dito sa online class ko  
Hindi na ako gagamit ng notebook  
Sa computer ko na lang iniloklok*

*Mahal man sulit naman*

*Makisabay ka naman sa pag-inog ng mundo  
Teknolohiya na sa mundong ito  
Ang sabihin mo hindi ka marunong ng computer  
Kaya sa online class ka bitter*

\_\_\_\_\_ 1. Tungkol saan ang paksang pinagtatalunan ng dalawang makata?  
A. Online class C. Modular class  
B. Online class at Modular class D. Computer

\_\_\_\_\_ 2. Isaliksik sa internet. Ano ang modular na paraan ng pag-aaral?

---

---

---

\_\_\_\_\_ 3. Isaliksik sa internet. Paano gawin ang online class?

---

---

---



### ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Bumuo ng sariling balagtasang tungkol sa Covid19 pandemic. Ilahad nang maayos ang iyong pagsalungat at pagsang-ayon tungkol dito.

---

---

---

---

---

---

---


---

---

---

---

---



## Susi sa Pagwawasto

Magkakaiiba ang sagot ng mga mag-aaral depende sa kamiliang natutuhan sa aralin.

### Isaisip

Pantulong  
#1 Mag-facemask lalo nat nasa labas.  
#2 Maghugas ng kamay palagi at gumamit ng alcohol kung maari  
#3 Higit sa lahat huwag lumabas ng bahay kung hindi kinakailangan.

Pangunahin:  
Labanan natin ang Covid-19.

### Balikan

**Tayahin**  
1. B  
2. Printed modules ang pangunahing paraan ng pag-aaral.  
3. Gumagamit ng internet at hindi sa tradisyonal na classroom sa pagtuturo

**Isagawa**  
1- Angkop bang ipagbawal ang video games sa mga net café?  
2- Dapat bang tanggaliin na ang takdang-gawain sa araw ng Sabado at Linggo?  
3- Tama bang ipatawag ng paaralan ang mga magulang kung bumagsak ang anak?  
4- Sang-ayon ka bang ipatupad ang online class ng DepEd?  
5- Totoo bang nakatutulong ang gadget sa new normal na mag-aaral?  
Tandaan: Ito ay mga inaasahang sagot lamang, maaring tama pa rin ang mag-aaral kapag nakuha ang diwa nito.

## **Sanggunian**

Infantado, Remedios, *BAYBAYIN I Paglalayag sa Wika at Panitikan (Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino)*. Ramilito Correa – Koordineytor. Rex Book Store

Miranda, Lourdes L., Antonietta D. Tapang, Pilipina A. Guerrero, Corazon L. Santos, Ph.D., *PUNLA I Mga Panitikang Pambansa at Florante at Laura*. Felicidad Q. Cuaño – Tagapag-ugnay. Rex Book Store.

[https://kupdf.net/download/balagtas-an-sipag-otalino\\_59604535dc0d60d71d2be30f\\_pdf](https://kupdf.net/download/balagtas-an-sipag-otalino_59604535dc0d60d71d2be30f_pdf)

<https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2014/10/youth/how-to-ask-questions-that-matter?lang=tgl>



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)